

ESPESYAL NA TULONG PINANSYAL PARA SA MGA PAMILYA NA WALANG BINAYARANG RESIDENT TAX

住民税非課税世帯に対する臨時特別給付金のご案内

Sa gitna ng tumatagal na epekto ng coronavirus, dumarami ang mga pamilya ang dumaranas ng kahirapan kung kaya' t magbibigay ng tulong pinansyal sa mga pamilya na bumaba ang income o mga pamilya na walang binayarang buwis sa munisipyo upang matulungan silang makapamuhay ng maayos at matugunan ang mga pangangailangan.

Ang halaga ng tulong pinansyal na ibibigay ay: **100,000 yen sa bawat pamilya/household**

Kailangang mag-apply upang matanggap ang tulong na ito.

○Aplikasyon at Pamilya na pwedeng makatanggap

Ang mga pamilya na pwedeng makatanggap ay ang: (Mga pamilya na nabibilang sa sumusunod)

Note: Hindi kabilang ang pamilya na ang mga miyembro ay dependent ng ibang kapamilya na mayroong binayarang buwis.

Pamilya na walang binayarang buwis

Mga pamilya na [exempted o walang binayaran
Sa per capita rate ng residence tax para sa
taong 2021 (Reiwa 3) at nakarehistro sa
Tsu City nung Disyembre 10, 2021.

- Magpapadala ng notice (Kakuninsho) mula Pebrero 9, 2022 sa mga pamilya na pwedeng tumanggap ng tulong na ito.
- Paki-check lamang kung tama ba ang numero ng inyong bank account at iba pang mga nakasulat dito. Sulatan din ito ng iba pang mga kailangang impormasyon at tiyaking ibalik/ipadala kagaad ito sa amin.
Tandaan: Hindi niyo matatanggap ang tulong na ito kung hindi niyo ibabalik ang form sa amin kaya pakihulog lamang ito kaagad.

Mga pamilya na biglaang bumaba ang income dahil sa epekto ng covid-19

Mga pamilya na bumaba ang income mula noong Enero 2021 dahil sa epekto ng covid-19 at ang kita ng buong pamilya sa isang taon ay halos pareho lamang ng kita ng mga pamilya na walang binayaran sa residence tax.

Kailangang mag-apply.

【Panahon ng aplikasyon】

Pebrero 9, 2022 hanggang Setyembre 30, 2022

【Lugar ng tanggapan at distribusyon ng form】

- Messe Wing Mie 2nd Floor
- Welfare Policy Division
(Tsu City Hall Head Office 1st Floor)
- Welfare Division, Citizen Welfare Division
(Sa bawat general branch ng City Hall)

※Maximum na halaga ng income na exempted sa pagbabayad ng resident tax (para sa isang taon).

Hal. ng Istruktura ng pamilya	Halaga ng net income na exempted sa pagbabayad ng buwis	Gross Income ng exempted sa singil sa buwis
Single o walang dependent	415,000 yen pababa	965,000 yen pababa
Asawa/Dependent (1 katao)	919,000 yen pababa	1,469,000 yen pababa
Asawa/Dependents (2 katao)	1,234,000 yen pababa	1,879,000 yen pababa
May kapansanan, balo, solong magulang at minor	1,350,000 yen pababa	2,043,000 yen pababa

Para sa mga katanungan:

Opisina para sa pagsulong ng espesyal na tulong pinansyal ng Munisipalidad ng Tsu

〒514-0056 Tsu City Kita Kouji-cho 19-1 Messe Wing Mie 2nd Floor

Call center para sa tulong pinansyal ☎ 0120-812-350 (Free dial)

Oras ng tanggapan 8:30 -17:15 (Maliban sa araw ng Sabado, Linggo at mga Holiday)